Humanities Diliman (January-June 2017) 14:1, 46-68

# Klik-suri sa Online Community ng mga Lesbiyana sa Facebook Gamit ang Critical Discourse Analysis (CDA) at Natural Language Processing (NLP) (Click-analysis of a Lesbian Online Community in Facebook Using the Critical Discourse Analysis and Natural Language Processing)

**Alona Jumaquio-Ardales**
De La Salle University Science and Technology Complex

**Nathaniel Oco**
National University (Philippines)

**Rowell Madula**
De La Salle University

## ABSTRACT

This study aims to describe the discourse on the online community of lesbians in the Philippines. The organization of Lesbian Community or LESCOM was chosen as subject of the study based on high number of 'likes' they received in Facebook. The texts were automatically gathered, filtered, shortlisted, and harvested from their Facebook page using the Natural Language Processing (NLP). The theoretical framework of Critical Discourse Analysis (CDA) was used in analysing the data in order to describe online discourses that reflect the identity and community of lesbians based in the Philippines. The result of analysis were the following: [1] the emotions projected by exclamatory mark displayed their identity; [2] some plural words served as their voice for being group-oriented; [3] frequent usage of personal names manifested their inclusive community; and [4] social consciousness was part of their organizational agenda.

*Keywords:* Lesbian, identity, Critical Discourse Analysis, Natural Language Processing, Facebook

ISSN 1655-1532 Print / ISSN 2012-0788 Online

## LESBIYANA

Sa lipunang Filipino, maririnig ang taguring "*tomboy*" upang ilarawan ang babaeng umiibig sa kapuwa babae. Nagsimulang gamitin ang terminong ito noon pang ika-13 siglo para sa isang espiritu ng pusang nagngangalang "*Tomboy*" (Grahn; binanggit ni Hall 557). Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng iba't ibang katawagan para sa lesbiyana, partikular sa Pilipinas. Bahagi nito [1] ang barayti ng salitang tomboy tulad ng tibo, obit, boit, t-bird, tibum; [2] ang tambalang salita na butch-femme, pars-mars, lester-leslie; [3] ang maskuladong imahen tulad ng dyke, magic, badjao, papa, EKT (eeeh kadiri tomboy); [4] ang kategoryang numerikong uno (mukhang lalaki), dos (puwedeng mukhang lalaki o babae), at tres (mukhang babae); gayundin [5] ang taguring lesbian (WFS-Philippines). Subalit sa papel na ito ay gagamitin ang terminong "lesbiyana" na inangking salita mula sa Espanyol na lesbiana at binaybay nang pa-Filipino.

Kung babakasin ang kasaysayan, hindi madali ang pag-angkin sa identidad na lesbiyana sa pribado at publikong espasyo dahil laganap noon ang "*the sickness theory*" na nagsasabing baliw o may depektong hormonal ang mga lesbiyana kaya nagbunsod ito ng aktibong adbokasi pagsapit ng dekada '70 upang igiit ang kanilang politikal na identidad sa pampublikong espasyo (Stein; binanggit ni Goodloe 2). Nagwakas ang ganitong paniniwala sa Estados Unidos noong 1973 at sa bansang Japan noong dekada '90 subalit hindi pa rin maitatangging nararanasan pa rin sa Asya, partikular sa Pilipinas ang kawalan ng legal na karapatan ng mga lesbiyana (WFS-PH). Hindi man itinuturing na isang krimen o sakit ang pagiging lesbiyana sa Pilipinas, wala pa ring legal na proteksiyon para suportahan ang identidad at komunidad ng sektor na ito. Sa katunayan, nakasaad sa Kodigong Pampamilya ng Pilipinas (1987) na maaaring gawing batayan para sa legal na paghihiwalay o pagpapawalang-bisa ng kasal ang pagiging lesbiyana o bakla, inihanay itong rason katulad ng pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot o alkohol, narito ang direktang sipi:

> Ang kasal ay maaaring ipawalang-bisa alinman…sa sumusunod na mga pangyayari: paglilihim ng pagkasugapa sa bawal na gamot, pagkagumon sa alak, homoseksuwalidad o lesbiyanismo na nagpapatuloy sa panahon ng kasal (Art.46, blg.4).
>
> Maaaring isampa ang petisyon para sa legal na paghihiwalay alinman sa mga sumusunod na dahilan: lesbiyanismo o homoseksuwalidad ng nasasakdal (Art. 55, blg. 6).


Hindi pinahintulutan ng batas sa Pilipinas na ikasal ang mga lesbiyana kaya hindi nila natatamasa ang mga karapatang legal. Sa kabila nito, obligado pa rin silang magbayad ng buwis sa gobyerno ng Pilipinas katulad ng mga kababayang heteroseksuwal. Walang batas na nagbibigay proteksiyon para sa kanilang partner o kasama habambuhay upang mag-ampon, magmay-ari, magmana, at makatanggap ng seguro katulad ng SSS, GSIS, at Philhealth (WSF-PH 2001).

Marahil maitatanong, ganito rin kaya ang sitwasyon ng mga lesbiyana sa ibang panig ng mundo? Sa aspektong legal, naroon ang pagkilala at pagpapahalaga sa identidad at komunidad ng mga lesbiyana sa ilang panig ng mundo katulad sa Netherland, Belgium, Spain, Canada, atbp. (Marchbank at Letherby 366) bagama't katotohanan pa ring maituturing na may kasabay itong mga hamon. Sa kaso ng Pilipinas, hindi pa lubusang natatamo ng mga lesbiyana ang karapatang legal upang ganap na kilalanin ng estado ang kanilang angking identidad na sadyang iba kaysa mga kababayang heteroseksuwal. Sa kabila nito, lantad at aktibo sila sa mga pampublikong espasyo katulad ng social media upang ihayag ang tunay nilang pagkakakilanlan at pangkat na kinabibilangan.

Sa isinagawang pag-aaral nina Braquet at Mehra (5), itinuring ng kanilang mga kalahok ang Internet bilang "means to an end... internet was used as a tool to discover venues, events, and organizations that would enable them to meet and connect with people in face-to-face situations" (binanggit nina Szulc at Dhoest 359). Tunay na malawak at malayo ang nararating ng mga social network sa Internet dahil palatandaan ito ng globalisasyon bilang "...advanced form of capitalism and a technological society" (Plummer 91; binanggit nina Szulc at Dhoest 348) kaya tinagurian itong bagong midya. Inaakses ng mga tao ang Internet na may kani-kaniyang pakay, humigit-kumulang nasa 40% populasyon ng buong mundo ay naroon dahil sa hangaring bumuo ng koneksiyong online at/o offline. Kung babalikan ang taong 1995 ay wala pang 1% ng populasyon sa buong mundo ang gumamit ng Internet; subalit naitala sa taong 2005 na pumalo sa 1 bilyon ang populasyon ng mga taong gumamit ng Internet; at sa taong 2010 dumoble ang bilang na ito dahil umabot sa 2 bilyon ang gumamit ng Internet; at sa taong 2014, umakyat sa 3 bilyong tao ang gumamit nito (Internet Live Stats). Ang pinakamaraming netizen ay aktibo sa Facebook dahil nasa 1,389,254,825 na ang populasyon nito at patuloy pang lumalaki (Internet Live Stats) kaya ang intensiyong magsaliksik tungkol sa mga lesbiyana ay humantong sa kanilang online community sa Facebook.

## FACEBOOK: KLIK-HANAP SA MGA LESBIYANA

Paano ba kukuha ng kailangang datos mula sa tila dagat na espasyo ng Internet? Sa proseso ng paghahanap ng online community ng mga lesbiyana sa Facebook: ginawa muna ang dalawang araw na [1] browsing upang maging pamilyar sa iba't ibang online community ng mga lesbiyana sa loob at labas ng Pilipinas; pagkatapos ay sinundan ang [2] linking ng mga netizen na intresado sa paksang ito para tingnan kung ano ang mga online community na kanilang binibisita, nila-like, at nilalahukan; sa bahaging sapat na ang eskema ng mga mananaliksik sa lokal at internasyonal na komunidad ng mga lesbiyana sa Facebook ay isinagawa ang [3] shortlisting ng mga online community; hanggang makarating sa [4] focusing kung saan namili ang mga mananaliksik ng tiyak na tuon ng pag-aaral (tingnan ang Pigura 1).




Pigura 1. Browsing, Linking, Shortlisting, and Focusing (BLSF): Hakbang sa pagkuha ng sample sa malakihang datos sa Internet.

Sa social network ng Facebook, nakita ng mga mananaliksik ang sampung online community ng mga lesbiyanang nakabase sa Pilipinas na may nakuhang maraming 'likes.' Ito ang mga sumusunod: [1] Lesbian Community o LESCOM; [2] Lesbian Society of the Philippines; [3] LGBT Group Philippines-Lesbian, Gay, Bisexual & Transgender Community Center; [4] 24/7 Lesbian; [5] LGBT Philippines; [6] Lesbian Activism Project o LeAP; [7] Lunduyan ng Sining; [8] UP Babaylan; [9] Pinay Discreet Lesbian and Bi Femme; at [10] Philippines Lesbian Lovers. Nagtakda ng kraytirya para sa magiging kalahok ng pag-aaral. Ang unang konsiderasyon, kailangang online community ito ng mga lesbiyana at hindi nakatuon sa gay, bisexual, at transgender. Ikalawang konsiderasyon, nakakuha ng pinakamaraming bilang ng mga like, post, at share sa kanilang Facebook page. Panghuli, may permiso mula sa online community ng mga lesbiyana na suriin ang kanilang Facebook page. Gamit ang mga konsiderasyong ito, lumabas ang pangalan ng grupong Lesbian Community o LESCOM.

Sinuri ang mga post ng LESCOM simula noong Agosto 2013 hanggang Marso 2015 gamit ang teoretikong balangkas ng Critical Discourse Analysis o CDA. Katulad ng ibang disiplina, may mga argumento at iba't ibang posisyon sa larangan ng CDA na

oportunidad para sa patuloy na pagtuklas at pagpapalawak. Binanggit nina Chouliaraki at Fairclough ang *Discourse of Orientalism* ni Said na nakasalig sa teorya ng diskurso ni Foucault. Samantalang iba naman ang para kay Stubbs na ang tuon o pokus ay pagsusuri sa teksto bagama't hindi ikinahon sa isa (o higit pang) teoryang panlingguwistika. Nariyan din ang *poststructuralist and postmodernist critiques of discourse* nina Simons at Billig. Sa pahayag ni van Dijk, aniya, "discourse analysis provides us insights to pinpoint the everyday manifestations and displays of social problems communication and interaction" (7). Bagama't ang pag-aaral ng abstract grammar, sophisticated formalisms, idealistic speech act theories ay umani ng respeto at paghanga mula sa mga iskolar ng akademya, sadyang napapanahong pag-aralan ang aktuwal na gamit ng wika at ikawing ito sa konteksto ng sitwasyon at institusyong panlipunan. Dahil ang pagkakaroon ng kalayaang pang-akademiko ay kasingkahulugan ng kalayaang magsuri at maging kritikal. Naniniwala si van Dijk na hindi sapat na ilarawan ang anyo ng mga salita sa mundo, kailangang pakilusin ang mga salita upang baguhin ang mundo (3). Taglay ng diskurso ang mensahe kung paano bibigyan ng hugis ang lahat ng bagay sa paligid lalong-lalo na ang imahen ng tao na may nakatakdang espasyo kung saan at paano lulugar sa lipunan. Kaya mahalaga ang papel ng CDA sa pagkakaroon ng Critical Language Awareness (CLA) upang maging malinaw sa bawat indibidwal ang pagsasalin ng ideolohiya sa pamamagitan ng wika. Bagama't isang akademikong gawain ang pananaliksik tungkol sa wika, may kakayahan ang CDA na lumabas sa pisikal na estruktura ng akademya at umugat sa realidad na nagaganap sa lipunan. Dahil layunin ng CDA na ilarawan ang kontemporaneong buhay sa lipunan sa pamamagitan ng pagsusuri ng diskurso, at wika ang nagsisilbing instrumento. Naghain si Fairclough (96-98) ng konseptong may tatluhang-dimensiyon para isagawa ang CDA: bahagi ng [1] unang dimensiyon ang paglalarawan sa wikang ginamit sa teksto, pasalita, o pasulat (*text analysis*); [2] nakapaloob sa ikalawang dimensiyon ang pagbibigay ng kahulugan sa nakasanayang diskurso at proseso kung paano nabuo ang pasalita o pasulat na diskurso (*process analysis*); [3] sa huling dimensiyon ay ipinaliliwanag ang katangian o nilalaman ng pasalita at pasulat na diskurso na may kaugnayan sa kalagayang panlipunan (*social analysis*).

Kasabay ng teoretikong balangkas ng CDA, ginamit din sa kasalukuyang pag-aaral ang Natural Language Processing o NLP bilang gabay sa pagsisiyasat sa wikang ginamit sa online community ng mga lesbiyana sa Facebook. Ayon kay Manning at Schütze, ang NLP ay isang sangay ng Computer Science na nauukol sa paghimay at pag-unawa sa nilalaman ng wikang sinusulat at sinasalita (binanggit nina Roxas, Oco, Cheng, Roldan, at Pablo 91). Pinadadali ng NLP ang pagsusuri gamit ang mga awtomatikong paraan upang higit na mapagyaman ang pagsusuri ng datos sa bawat dimensiyon ng CDA. Partikular na ginamit ang [1] mga regular expression, [2] language modeling, at [3] tag cloud.

Tumutukoy ang mga regular expression sa mga anyo ng teksto na puwedeng gamitin para maghanap ng partikular na salita o pattern sa isang dokumento. Makapangyarihan ito dahil maaari itong gamitin para markahan at tanggalin ang isang pattern gamit lamang ang mga simbolo, letra, at numero (Kushman at Barzilay 827). Bilang halimbawa, kung mano-manong kukunin ang mga post, sadyang makonsumo ito sa oras. Kung iha-highlight naman lahat at kokopyahin, masasama rito ang mga simbulo na hindi kailangan kagaya ng halimbawa sa Pigura 2.




Pigura 2. Halimbawa ng isang post na naka-highlight (kaliwa) at ang resulta kapag kinopya na ito sa isang word editor (kanan)

Malaking bagay ang mga regular expression sa pagsusuri ng mga post sa Facebook dahil madaling tanggalin ang mga tekstong hindi kailangan (hal. oras at petsa). Sa pamamagitan nito, kinuha ang nilalaman ng mga admin post, tinanggal ang mga hindi kailangan, at awtomatikong binilang ang mga ito. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang isang partikular na program – ang Notepad++ na maaaring mai-download nang online (http://notepad-plus-plus.org/). Malaking tulong ang mga regular expression dahil naging mabilis at madali ang pagsasala ng kailangang datos. Halimbawa, ginamit ang markang [^] sa unahan ng salitang "Like", at sinundan ng [.*] kaya natanggal lahat ng "Like · Comment · Share"; ginamit naman ang markang [$] sa hulihan ng terminong ".*2014 ·" kaya natanggal lahat ng petsa (tingnan ang Tal. 1).

**Tal. 1. Halimbawa ng mga regular expression**

| Regular expression | Kahulugan | Halimbawang gamit | Katugmang pattern |
|---|---|---|---|
| .* | Kahit ano | .*k<br>(titik 'k' na kasunod ng kahit ano) | Keyk<br>Dakak |
| ^ | Simula ng | ^Like.*<br>(lahat ng linyang nagsisimula sa "Like") | Like · Comment · Share |
| $ | Dulo ng isang linya | .*2014 ·$<br>(lahat ng linyang nagtatapos sa "2014 ·") | September 20, 2014 |


Tumutukoy naman ang language modeling sa prosesong pagbilang sa mga salita at parirala sa isang dokumento (Pablo, Oco, Roldan, Cheng, at Roxas 207). Binubuo ito ng mga n-gram o mga parte ng isang pangungusap. Kapag isa lang ang parte, tinatawag itong unigram, bigram kung dalawa, trigram kung tatlo, at 4-gram kung apat. Bilang halimbawa, narito ang mga n-gram na mabubuo sa pangungusap na "kakain na tayong apat":

- unigram: kakain, na, tayong, apat
- bigram: kakain na, na tayong, tayong apat
- trigram: kakain na tayong, na tayong apat
- 4-gram: kakain na tayong apat

Tumutukoy naman ang tag cloud sa biswal na representasyon ng resulta ng language model sa anyong free form text (makikita ang halimbawa sa kasunod na mga pahina). Binubuo ang tag cloud ng mga salitang makikita rin sa language model. Mahalagang banggitin na ang mga salitang nakakuha ng mataas na bilang ng pagbanggit ay may malaking sukat kaysa ibang mga salitang nasa tag cloud. Ginamit sa pag-aaral na ito ang [1] Standford Research Institute Language Modeling toolkit o SRILM na maaring mai-download sa isang website (http://www.speech.sri.com/projects/srilm/) para gumawa ng mga language model gayundin ang [2] Wordle na maaaring maakses sa Internet (http://www.wordle.net/) para gumawa ng tag cloud.

## DISKURSONG ONLINE: Klik-suri sa identidad at komunidad ng mga lesbiyana

Tatalakayin sa bahaging ito ang katangian ng diskursong online ng LESCOM. Sinuyod ng mga mananaliksik ang kanilang Facebook page at natuklasang may 170 post simula Agosto 2013 hanggang Marso 2015. Napansing may pinakamaraming post noong Nobyembre 2013 na naglahad ng kanilang mga pananaw at saloobin tungkol sa naganap na kalamidad sanhi ng bagyong Yolanda. Samantala, may buwan namang iisa lamang ang post katulad noong Marso at Disyembre 2014 (tingnan ang Pigura 3). Sa pag-aaral na ito, sinuri ang 170 post ng LESCOM bilang bahagi ng kanilang diskursong online na sumasalamin sa identidad at komunidad ng mga lesbiyanang nakabase sa Pilipinas.




Pigura 3. Dami ng post ng LESCOM simula Agosto 2013-Marso 2015.

## Marka ng pagkakakilanlan ang emosyon ng tandang panamdam

Batay sa datos, nakakuha ang panandang [!] ng pinakamataas na bilang sa mga unigram. Napansin ding higit na mataas ang bilang ng panandang [!] at panandang [?] kaysa bantas na [.] sapagkat wala ito sa 20 pinakamataas (tingnan ang Tal. 2).

**Tal. 2. Resulta ng language modeling: Unigram Dalas**

| Ranggo | Top 20 | |
|---|---|---|
| | **Unigram** | **Freq.** |
| 1 | ! | 240 |
| 2 | po | 171 |
| 3 | sa | 139 |
| 4 | .. | 131 |
| 5 | : | 93 |
| 6 | ) | 90 |
| 7 | - | 89 |
| 8 | ng | 83 |
| 9 | mga | 71 |
| 10 | ang | 67 |
| 11 | na | 64 |
| 12 | ? | 61 |
| 13 | lescom | 57 |
| 14 | ... | 42 |
| 15 | at | 38 |
| 16 | and | 37 |
| 17 | salamat | 36 |
| 18 | lahat | 34 |
| 19 | _ | 32 |
| 20 | godbless | 28 |

Sa pagsangguni sa Tal. 2, mapapansin ang 1-20 pinakamataas na unigram ay madalas na mga salitang pangkayarian at mga pananda. Pinatutunayan ng nakuhang datos mula sa Facebook page ng LESCOM ang isinagawang pag-aaral tungkol sa madalas na paggamit ng mga babae ng panandang [!], ayon kay Waseleski (1012):

> The notion that exclamation points function as markers of excitability can be traced in modern times to The Way Women Write, Mary Hiatt's (1977) study of women and men's writing styles. Extraordinarily ambitious for its time, Hiatt's content analysis of 100 literary works incorporated the use of computers to determine whether a feminine writing style actually existed and, if so, how it differed from masculine writing style. Hiatt proposed that certain types of punctuation could be used as a yardstick to analyze qualities in the prose of women and men; for example, she held that "the frequency of use of exclamation points is one indicator of what might be called 'emotionality' or 'excitability'." (1977, p. 39), characteristics she believed were stereotypically associated with women.

Ipinapaliwanag nito na ang paggamit ng tandang padamdam [!] ay nangangahulugan ng matinding emosyon kung saan dinodoble ang pagpapahiwatig sa mga post lalo pa't umaasa sa mga non-verbal cue pagdating sa komunikasyon sa Facebook. Bilang halimbawa, kung sasabihing "Masaya ako!", may mga isasaalang-alang para malaman ang emosyon ng isang post. Sinang-ayunan naman ito ng pag-aaral nina Hancock, Landrigan, at Silver (931):

> …the expresser's linguistic dimensions that varied significantly across conditions (word count, negative affect, negations, exclamation points) profile as the predictor variables… The only significant linguistic dimensions in the model were negations and exclamation points, suggesting that these linguistic cues were relied on most heavily by assessors when judging their partner's affective state.

Sa mga post ng LESCOM admin sa kanilang Facebook page, ilan sa pinaggamitan ng panandang [!] ay ang mga sumusunod: karaniwang pagbati, pangungumusta, pagbati sa may kaarawan, paanyaya, pasasalamat, at pag-advertise ng kanilang mga proyekto (tingnan ang Tal. 3 para sa mga halimbawa). Nabibigyan ng diin ng mga non-verbal cue ang nais iparating ng admin sa paggamit ng tandang padamdam [!]. Nakita sa mga post na karaniwang marka ito bilang tanda ng pagkasabik o excitement sa kanilang diskursong online.  Kung mapapansin, nauulit ang paggamit ng tandang padamdam [!].  Kung tatanggalin ang mga nauulit, may 141 na bilang ito, at lumalabas pa rin na mas mataas ito kumpara sa bantas na [.].

**Tal. 3. Paggamit ng tandang padamdam [!] sa post ng LESCOM**

| Gamit | Halimbawa ng mga post |
|---|---|
| Pagbati | • goodmorning!what a rainy monday!:-)<br>• magandang umaga po sa lahat!:-)<br>• Magandang gabi po sa lhat!:-) |
| Pangungumusta | • KAMUSTA PO ANG LHT!!! |
| Pagbati sa may kaarawan | • Happy bday Kagawad bonene!<br>• HAPPY BDAY [...] BEA WISH U ALL THE BEST!:-) |
| Paanyaya / pagyaya sa mga kasama | • Swimming tayo! |
| Pasasalamat | • tnx counci mitch!!:-)<br>• may gen miting po tyo mga kapatid this sunday i ji gm ko nlng po lht ng details slamat!!godbless!!:-)<br>• Salamat po sa mga nakarating nung last sunday [...] asahan nio po n mkikiisa po [...] sa anumang proyekto niong ilulunsad salamat po!! |
| Pag-advertise ng proyekto o aktibidad | • GI NI MARE"-that's my tomboy TOM NPO ANG OFFICIAL START AUDITION SA KALAYAAN PARK 3PM-6PM PO IYAN. OPEN TO CAINTA, ANGONO, BINANGONAN AND TAYTAY RESIDENTS..GODBLESS!!:-) |

Ipinamalas ng nakuhang datos mula sa Facebook page ng LESCOM ang obserbasyon ni Herring tungkol sa katangian ng diskurso ng mga babae (binanggit ni Waseleski 1021) na sa pagkakataong ito ay taglay rin ng mga lesbiyana: ang pagiging masuporta, ang madalas na pagpapahayag ng kagalakan at pasasalamat, at ang pagpaparamdam na bukas ang organisasyon sa lahat ng mga miyembro.

## Tinig ng makagrupong identidad ang mga salitang pangmaramihan


Isa pang napansin sa pagsusuri ng teksto sa tulong ng language model ay madalas na paggamit ng LESCOM ng panghalip na pangmaramihan. Makikita sa Tal. 4 ang sampung panghalip na nakakuha ng mataas na bilang ng pagbanggit. Sa sampung ito, pinakamataas ang panghalip na 'ating' na nagpamalas ng tonong ingklusibo dahil sa mensaheng kabahagi o kasama at suportado ito ng salitang pangnilalaman na 'lahat' na pangalawa sa ranggo. Ang iba pang panghalip pangmaramihan ay 'nio, tyo, kyo, tyong, nten'. Tanging ang panghalip na 'ko' ang pang-isahan. Sa paggamit ng LESCOM ng mga panghalip pangmaramihan, ipinapakita ang katangiang tinatawag ni O'Connor na 'other-involving' na hinihimok ng nag-post ang iba pang miyembro na makiisa sa kanila (binanggit ni Kuo 31).

**Tal. 4. Ang mga panghalip na nakakuha ng mataas na bilang sa post ng LESCOM**

| Unigram | Dalas | Halimbawa ng mga post |
|---|---|---|
| Atin | 26 | • magkakamiting po tyo regarding sa ating paliga...salamat!!:) |
| Lht | 23 | • Final place kung saan tyo magkikita kita bukas prasa feeding program kalayaan park pra malapit na ang alm ng lht salamt wear [...] tshrt kpg wala pa kyo nun kht my print bsta black.8am kalayaan park see yah guys! Godbless!:-) |
| Nio | 22 | • makipag cooperate po kyo sa bawat team nio SA BAWAT ISA SAINYO KPG NAGPATAWAG CLA NG PRAKTIS |
| Tyo | 19 | • Maulan na nmn ingat po tyo!:-) |
| Kyo | 17 | • kyo po ang mag uusap usap regarding sa praktis nio,uniform and whatsoever na mga dpt niong gwin dhil malapit napo ang ating "NO MAN'S BASKETBALL LEAGUE"..mnsan lang to kya gwing nteng THE BEST OK MGA DUDE?GODBLESS!!:-) |
| Tyong | 12 | • Pasko n mga kapatid anung blita sa bawat isa pro ang alm ko may xmas party kya this next sun inaasahan ko n complete tyong lht pra alam nio kung ano mga pagkakagastusan nten ok? |
| Nten | 12 | • Gudpm guys! Again sa nde nkarating sa meeting pra sa liga nten.uulitin ko po per team po ay by colors.may registration po tyo pro mliit lng nmn xa perhead po bwat team then sa gagamitin niong sando jersey knya2 po kyong bili and 10p prasa pam paint n gagamitin ntenthen pkibgay sa jammers ky vice pra matatakan agd. |
| Ko | 11 | • txt nio ko sa cp ko ok?tnx!!:-) |

Ang mga panghalip sa unang panauhan katulad ng 'ating' at 'tyo' ay nanghihikayat sa iba pang miyembrong makiisa sa mga aktibidad ng grupo. Sa kabilang dako, nagpapakita naman ng distansiya ang mga panghalip sa ikalawang panauhan tulad ng 'nio' at 'kyo.' Hinihiwalay ng 'nio' at 'kyo' ang sarili mula sa ibang tao (Håkansson 17) upang ipahayag ng admin ang kanilang hangaring maging organisado at patas sa pinamahalaang aktibidad.

Batay sa nabuong tag cloud na ginamit ang mga piling unigram, awtomatikong lumabas na pinakamalaking salita ay ang pangalan mismo ng grupo, ang LESCOM (tingnan ang Pigura 4). Sa paggamit ng language model awtomatikong nakuha ang salitang LESCOM na may pinakamataas na bilang ng pagbanggit dahil ito ang pinakamadalas gamitin sa kanilang diskursong online.




Pigura 4. LESCOM: Tag cloud ng mga terminong pinakamadalas gamitin sa kanilang diskursong online.

Nangibabaw ang pangalan ng organisasyong "LESCOM" at hindi nakapokus sa isang tao (hal. hindi pangalan ng kanilang presidente o sinumang opisyal) at sa kanilang 170 post ay halos walang nakitang sentimyento, iringan o away, sa halip, mga mensahe ng suporta para sa grupo. Itinuring ang nabanggit na mga katangian bilang repleksiyon ng makagrupong oryentasyon ng kanilang diskursong online.

## Manipestasyon ng pamayanang ingklusibo ang madalas na pagbanggit ng pangalang personal

Mapapansin sa paglipas ng panahon simula Agosto 2013 hanggang Marso 2015, lumago nang mahigit sa sampung doble ang dami ng likes sa mga post ng LESCOM. Makikita ang dami ng mga post, like, share, at comment sa Tal. 5. Kung iuugnay ang dami ng like sa mga comment, masasabing may direktang proporsiyon ang dami ng like sa naging mga komentaryo, partikular noong Oktubre 2014 at Marso 2015. Nagtugma halos ang dami ng like at comment ngunit mapapansing hindi naging makahulugan ang dami ng share. Batay sa datos, ang proseso ng pagpo-post ng LESCOM admin at pamamahagi nito sa pamamagitan ng pag-share ay walang direktang kinalaman sa isa't isa. Napansing bukod sa pag-post ng mga teksto at mga larawan, wala masyadong meme, bidyo at iba pang nilalaman na ibinahagi ang LESCOM admin na maaaring maging viral. Kung hindi, pagbati, pangungumusta, pasasalamat,

at paanyaya (balikan ang Tal. 3), walang masyadong mga post na maaaring makahikayat sa mga kalahok tungo sa aktibong interaksiyon. Napansin ding may ilang mensaheng hindi para sa maramihan kundi paanyaya sa mga interesado sa personal na ugnayan.

Gumamit ng isang pormula na makikita sa equation (1) upang makuha ang interaksiyon sa LESCOM. Mapapansin noong Marso 2015, naitala ang pinakamaraming interaksiyon. Ito rin ang buwan kung kailan may pinakamaraming like (23%) at comment (27%). Subalit, hindi sapat na mabilang ang dami ng interaksiyon bawat buwan upang ituring kung aktibo o hindi ang kanilang interaksiyon. Kinakailangan ding isaalang-alang ang dami ng post kaya kinuha ang korelasyon ng dalawa. Makikita sa equation (2) ang pormulang ginamit. Kung kukunin ang average, masasabing taong 2015 ang may pinakaraming interaksiyon bawat buwan: 3.48 ang average ng taong 2013, samantalang 33.61 ang taong 2014, at 62.91 ang taong 2015.

Equation (1) : Interaction = Likes + Share + (Comment * 2)
Equation (2) : Interaction per post = Dami ng post / Interaction

**Tal. 5. Dami ng posts, likes, shares, comments, interactions, at interactions per post sa Facebook page ng LESCOM, Agosto 2013-Marso 2015**

| | Panahon | Dami ng post | Like | Share | Comment | Interaction | Interaction per post |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **2013** | Agosto | 21 | 85 | [2nd] 5 | [3rd] 37 | 164 | 7.81 |
| | Setyembre | 14 | 32 | 0 | 9 | 50 | 3.57 |
| | Oktubre | 8 | 9 | 0 | 1 | 11 | 1.38 |
| | Nobyembre | 29 | 52 | 1 | 12 | 77 | 2.66 |
| | Disyembre | 8 | 12 | 0 | 2 | 16 | 2.00 |
| **2014** | Enero | 6 | 9 | 0 | 1 | 11 | 1.83 |
| | Pebrero | 6 | 25 | 0 | 0 | 25 | 4.17 |
| | Marso | 1 | 2 | 0 | 0 | 2 | 2.00 |
| | Abril | 2 | 11 | 0 | 0 | 11 | 5.50 |
| | Mayo | 2 | 5 | 0 | 0 | 5 | 2.50 |
| | Hunyo | 7 | 59 | [1st] 7 | 3 | 72 | 10.29 |
| | Hulyo | 15 | 187 | 2 | 12 | 213 | 14.20 |
| | Agosto | 10 | 90 | 1 | 4 | 99 | 9.90 |
| | Setyembre | 12 | [3rd] 279 | 0 | 24 | [3rd] 327 | 27.25 |
| | Oktubre | 4 | [2nd] 389 | 0 | [2nd] 58 | [2nd] 505 | [2nd] 126.25 |
| | Nobyembre | 3 | 165 | 0 | 36 | 237 | 79.00 |
| | Disyembre | 1 | 165 | 0 | 9 | 183 | [1st] 183.00 |
| **2015** | Enero | 4 | 193 | 0 | 25 | 243 | 60.75 |
| | Pebrero | 5 | 237 | 0 | [3rd] 37 | 311 | 62.20 |
| | Marso | 12 | [1st] 590 | [3rd] 4 | [1st] 99 | [1st] 792 | [3rd] 66.00 |
| | | | | | | Average Interaction | |
| | KABUUAN | 170 | 2,596 | 20 | 369 | 2013 | **3.48** |
| | | | | | | 2014 | **33.61** |
| | | | | | | 2015 | **62.91** |

*ranggo: 1[st], 2[nd], 3[rd]

Dahil taong 2015 ang naitalang pinakamaraming interaksiyon, hinimay ng mga mananaliksik ang post at comment ng LESCOM sa taong 2015 upang maipakita kung ano ang nangyayaring interaksiyon sa online community ng mga lesbiyana sa panahong ito. Lumabas sa datos na ang kanilang diskurso ay nagpapahalaga sa indibidwal [AKO] na paglahok [JOIN] sa kanilang komunidad [LESBIAN COMMUNITY] na may partikular na atensiyon sa mismong mga tao sapagkat kapuna-punang maraming personal na pangalang lumabas sa tag cloud [JINKY, ALEX, KRISTINA, CYANDRO, MICHELLE, atb.] tingnan ang Pigura 5.




Pigura 5. Tag cloud ng mga salita sa interaksiyon ng LESCOM noong Enero - Marso 2015

Batay sa datos ng Enero hanggang Marso 2015, kung kailan mataas ang interaksiyon sa kanilang online community, maituturing ang diskurso ng LESCOM na group-oriented dahil awtomatikong lumabas sa language model at isa sa mga lumutang sa tag cloud ang salitang 'Lesbian Community' bilang bahagi ng kanilang interaksiyon. Kaugnay nito, maituturing na ingklusibo ang kanilang diskursong online sapagkat kapuna-puna ang maraming pangalang lumabas sa tag cloud dahil sa madalas na pagbanggit ng mga personal na pangalan ng kanilang mga kasamahan sa proseso ng interaksiyon. Ang interaksiyong bumabanggit ng pangalan ng mga taong kausap ay sumasalamin sa katangian ng diskursong ingklusibo sapagkat naglalaan ng espasyo

para sa lahat na mabanggit at kilalanin ang bawat pangalan. Mahalaga ito sapagkat ang pangalan ay sagisag ng pagkakakilanlan ng bawat tao sa anumang diskurso.

### Bahagi ng kanilang organisasyon ang pagmalay sa lipunan

Batay sa literatura, laganap noong dekada '40, '50, at '60 mula sa hanay ng mga manggagawa ang mga lesbiyanang kumikilos, nagsasalita, at nagbibihis tulad ng mga lalaki (*butch*) samantalang ang mga lesbiyanang nasa gitnang uri ay kumikilos, nagsasalita, at nagbibihis katulad ng mga babae (*femme*) (Nestle at Wilson; binanggit ni Goodloe 9). Subalit pagpasok ng dekada '70 hanggang sa kasalukuyan, lumabas ang iba't ibang argumento tungkol sa role playing ng mga lesbiyana kasama na rito ang papel bilang butch.

Kung pupuntahan ang Facebook page ng LESCOM, direktang makikita ang maraming imahen ng mga butch kaya masasabing komunidad ng mga *butch* ang naging kalahok sa pag-aaral. Ang organisasyon ng LESCOM ay nagsimulang mabuo sa isang barangay hanggang sa lumikha sila ng Facebook page. Mahalagang tukuyin na parehong umiiral ang kanilang offline at online community dahil sa ang mga larawang naka-post ay makikitang aktibo ang kanilang organisasyon hindi lamang sa social network ng Facebook kundi pati sa antas ng barangay. Kung ang LESCOM ay organisasyon ng mga butch na may aktibong offline at online community, ano ang umiral na paksa sa kanilang diskursong online? Ano ang implikasyon nito sa lipunan/ pamayanang kanilang kinabibilangan?

Katulad ng nabanggit sa gawing unahan, may 170 post sa Facebook page ng LESCOM simula noong Agosto 2013 hanggang Marso 2015. Sinikap himayin ang paksa ng diskurso sa loob ng 20 buwan (tingnan ang Tal. 6) sa pamamagitan ng paglalagay ng kategorya. Itinuring ng mga mananaliksik na [1] personal ang post kung ito ay mensahe tungkol sa/para sa isa o dalawang tao katulad ng pagbati ng '*hapi bertdey*,' pagbibirong personal, atbp.; [2] pang-organisasyon kung tungkol sa pamamalakad ng grupo tulad ng mga paalala sa iskedyul ng miting, karaniwang pagbati sa mga kasama, atbp.; at [3] panlipunan/pamayanan kung ito ay may direktang pagkilos sa barangay o kaya mensaheng may kinalaman sa iba pang panig ng Pilipinas.

Sa kabuuang 170 post, nanguna ang paksa tungkol sa pamamalakad ng kanilang organisasyon (69%), pumangalawa naman ang mga post na may kinalaman sa pamayanan/ lipunan (23.5%), at mapapansing hindi nila lubos na pinagtuunan ang personal na paksang eksklusibo lamang sa isa o dalawang tao dahil kaunti lamang ang post tungkol dito (7.5%). Sa pangkalahatan, ginugol ang malaking espasyo ng

kanilang Facebook page sa pagbuo at pagpapatatag ng kanilang komunidad o organisasyon dahil ang 117 post ay tungkol sa mga pabatid, paalala, pagbati sa grupo, pasasalamat, paanyaya, at mga larawan ng grupo. Narito ang ilang halimbawa:

- good aftie guyz!
- Happy 1st anniv LESCOM family! God bless us all!! (-:
- magkakamiting po tyo regarding sa ating paliga...salamat!!! (-:
- morning guys! Hope everyone is fine...tom npo ang ating feeding program walang malelate...wear ur uniforms...
- To all LESCOM kindly check our page and groups account here in fb for some impt announcement.
- pasko na mga kapatid anung blita sa bawat isa...may xmas party this next sun inaasahan ko n complete tyong lht...

**Tal. 6. Nilalaman ng mga post ng LESCOM sa kanilang Facebook page simula Agosto 2013 hanggang Marso 2015.**

| Panahon | Bilang ng Post | Pampersonal | Pang-organisasyon | Panlipunan / Pampamayanan |
|---|---|---|---|---|
| **2013** | 80 | 6 | 54 | 20 |
| Agosto | 21 | 0 | 14 | 7 |
| Setyembre | 14 | 0 | 10 | 4 |
| Oktubre | 8 | 0 | 6 | 2 |
| Nobyembre | 29 | 5 | 18 | 6 |
| Disyembre | 8 | 1 | 6 | 1 |
| **2014** | 69 | 4 | 49 | 16 |
| Enero | 6 | 0 | 6 | 0 |
| Pebrero | 6 | 0 | 6 | 0 |
| Marso | 1 | 0 | 1 | 0 |
| Abril | 2 | 0 | 0 | 2 |
| Mayo | 2 | 1 | 1 | 0 |
| Hunyo | 7 | 0 | 5 | 2 |
| Hulyo | 15 | 2 | 4 | 9 |
| Agosto | 10 | 0 | 9 | 1 |
| Setyembre | 12 | 1 | 10 | 1 |
| Oktubre | 4 | 0 | 3 | 1 |
| Nobyembre | 3 | 0 | 3 | 0 |
| Disyembre | 1 | 0 | 1 | 0 |
| **2015** | 21 | 3 | 14 | 4 |
| Enero | 4 | 0 | 4 | 0 |
| Pebrero | 5 | 0 | 5 | 0 |
| Marso | 12 | 3 | 5 | 4 |
| KABUUAN | 170 (100%) | 13 (7.5%) | 117 (69%) | 40 (23.5%) |

Malinaw sa grupong ito ng mga butch na priyoridad ang diskursong pang-organisasyon (69%) sa kanilang online community. Nakita sa ilang halimbawang post na aktibo ang diskursong tungkol sa pag-oorganisa ng mga gawain at pagpapatatag ng kanilang samahan sapagkat "feeling connected to one's community represents an extension of the fundamental human need to belong, is associated with positive individual and social outcomes (Baumeister & Leary 1995; binanggit nina Frost & Meyer 2012), and is central to establishing collective identity" (Ashmore, Deaux, & McLaughlin-Volpe 2004; Gamson 1997; binanggit nina Frost & Meyer 2012). Naging aktibo ang kanilang diskurso sa mga gawaing sangkot ang kanilang organisasyon upang ipamalas ang hangarin nilang magkaisa para sa kolektibong identidad ng katulad nilang mga butch sa pamayanan. Mapatutunayan ito sa kanilang mga post katulad nito:

- support po naten lht ng mga boit sa sumasali sa that's my tomboy ng showtime at least napapancin na mga tulad naten...(-:
- grabe kht my konting pressure nag-end pa rin kameng mga ok at masaya…
- … sa muli sana po ay pakita naten ang ating pwersa ulit...salamat!!! (-:

Ano nga ba ang mga gawaing inoorganisa ng grupong ito? Matatagpuan ang sagot kapag sinundan ang daloy ng diskurso sa kanilang Facebook page. Batay sa datos, pangalawang paksa na pinakamaraming post yaong may kinalaman sa lipunan/pamayanan (23.5%). Ang mga post na ito ay suportado ng kanilang mission statement na nakasulat mismo sa kanilang Facebook page, narito ang direktang sipi, "To help people, serve others, achieve goals, adhere and understand, fight for our rights & no to descrimination!" Kung susuriin ang diskurso sa kanilang online community, matutunghayan na aktibo ang grupong ito ng mga lesbiyana sa pagtulong at pagdamay sa kapuwa na maaaring ipaliwanag ng naunang mga pag-aaral na, "women are physiologically predisposed to develop their powers of empathy earlier and more effectively than men" (Hall 1984; Rosenthal, Hall, DiMatteo, Rogers, & Archer 1979; mga pag-aaral na binanggit ni Degges-White 2012, 19). Sa katunayan, ang ilan sa kanilang mga gawain ay feeding program, pagsama sa Elderly Week of Senior Citizens, pamimigay ng mga relief good, pag-oorganisa ng medical mission, job fair, at pagtulong sa Oplan Kaluluwa. Bukod dito, mayroon din silang adbokasing panlipunan katulad ng Sagip-Kalikasan at Netizen's Day Earth Jam Concert; at hindi nawala ang kanilang paglahok sa mga proyektong sumusuporta sa identidad ng mga lesbiyana sa pamayanan katulad ng pag-motorcade sa buong barangay at paligsahang 'Pogi ni Mare.' Ang katangian ng diskursong panlipunan/pampamayanan sa kanilang online

community (23.5%) ay hindi lamang activity-oriented sapagkat mababakas din mula rito ang kamulatang pampamayanan. Narito ang ilan sa kanilang mga post:

- ...makasama na po namen kayo pra sa atin po itong lht... karapatan nating mga lesbians po ang ating isusulong...slamat! (-:
- gandang hapon sa lahat umpisa n ng campaign ng brgy. elec. maging mapanuri po ang lahat!!! (-:

Ang diskursong panlipunan sa kanilang online community ay hindi lamang limitado sa pagkilos sa barangay kundi may pagnanais ding makisangkot sa mas malawak na lipunan, narito ang halimbawang mga post:

- mga kapatid, iniimbitahan qo kaung lahat...sama2 tau, ipakita naten ang Butch Power!!! Magbigay tayo ung para sa tacloban...
- salamat po sa mga nakarating nung last Sunday....at sa ating mga naging bcita cla kgd. Buboy at mam che or chin2 ng alyansa ng kababaihan at youth affairs...asahan nio po na makikiisa po ang LESCOM sa anumang proyekto niong ilulunsad salamat po!!! God bless us all!!!

Sa ganitong takbo ng usapan, hindi sentro ng diskurso sa kanilang online community ang tungkol sa mga personal post (7.5%) bagama't may ilang nagsulat din ng mensaheng tulad nito na may kasamang mga litrato:

- im stress!!!...sarap ng dinner ko
  (may kasamang litrato ng pagkain)

- DALEN...WITH HER SPECIAL LOVE...(-:
  (may kasamang litrato ng isang LESCOM member at kanyang kasintahan)

- bday ni 1st lady ni jha (-:
  (may kasamang litrato ng mismong selebrasyon ng bertdey)

Batay sa pagsusuri ng diskurso sa online community ng LESCOM sa Facebook, natuklasang priyoridad nila ang pamamalakad ng organisasyon at pagpapanatili ng magandang samahan upang ipamalas sa pamayanan ang kanilang '*butch power*' sa positibong paraan. Sa likod ng mga pagkilos na ito ay naroon ang hangaring makiisa at lumahok sa mas malawak na lipunan dahil mababakas ito sa paksang kanilang pinag-usapan at prominenteng ginamit ang mga salitang 'ATIN' at 'LAHAT' na nagsilbing palatandaan ng inisyatibang pinalakas ng kanilang pagkakaisa kaya hindi nakapagtatakang nagawa nilang umigpaw palabas ng kanilang organisasyon upang

makatulong sa pamayanan at masasalamin ito sa paglitaw ng salitang 'BRGY,' gayundin, ang terminong 'JUAN' bilang katawagan ng mga Filipino sa sariling bayan, ito ang mga salitang awtomatikong lumabas sa language model na direktang makikita sa tag cloud (tingnan ang Pigura 6).



Pigura 6. Tag cloud ng mga salita kaugnay ng mga paksa sa diskurso ng LESCOM.

## KONGKLUSYON

Sa kabuuan, dalawa ang naging ambag ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng makabagong metodo sa pananaliksik sa wika at ang pagbasag sa de-kahong imahen ng mga lesbiyana. Napatunayan sa pag-aaral na ito ang pakinabang sa paggamit ng kompyuter upang maiproseso nang mabilisan ang malakihang datos mula sa Internet katulad sa Facebook. Nakapagsagawa ng sistematikong hakbang upang makakuha ng sample data mula sa cyberspace kaya naibalangkas ang Browsing-Linking-Shortlisting-at-Focusing (BLSF). Ginamit ang awtomatikong paraan sa pagbuo ng language model na ipinakita naman sa mga tag cloud kaya obhetibong naihain ang umiral na pattern sa nakonsumong mga salita sa diskursong online. Kinilalang hindi sapat ang Natural Language Processing o NLP sa pagsusuri ng datos kaya ginamit ang Critical Discourse Analysis sa napapanahong paglalarawan ng paggamit ng wika sa lipunan. Kaugnay nito, ang pangalawang ambag ng pag-aaral na basagin ang de-kahong imahen ng mga lesbiyana, partikular ang imaheng 'macho' ng mga butch.

Natuklasan sa pagsusuri ng datos na katulad din ng babae ang mga butch ng LESCOM sa pagpapahayag ng emosyon para sa pagkasabik at pagsuporta sa isa't isa. Bukod dito, ang mga lesbiyana na minarkahang seloso/selosa ng lipunang Filipino ay kabaligtaran sa katangiang ipinamalas ng mga butch sa organisasyon ng LESCOM. Nakitang hindi nakatuon sa sarili ang mga lesbiyana ng LESCOM kundi nakakiling sa grupo, barangay, at lipunan ang kanilang diskursong online. Bahagi ng adyenda ng kanilang offline at online community ang kolektibong identidad na may kamalayang panlipunan na hindi limitado sa mga intensiyong personal (hal. magkaroon ng karelasyon sa buhay). Malinaw na ipinamalas ng mga lesbiyana ng LESCOM ang pakinabang ng 'butch power' sa kanilang barangay bilang bahagi ng mas malawak na sistema ng lipunang Filipino.

## PAGKILALA

(1) Ikinalulugod ng mga mananaliksik ang pagbigay ng permiso ng LESBIAN COMMUNITY ORGANIZATION (LESCOM) upang masuri ang kanilang Facebook page.

(2) Kinikilala ang pagbabahagi ng idea ni RANDY NOBLEZA sa papel na ito.

(3) Pinasasalamatan ang suportang ibinigay ng National University Research and Innovation Office (project no. CCS 2015-03-1S) sa pag-aaral na ito.

## SANGGUNIAN

Chouliaraki, Lilie & Norman Fairclough. *Discourse in Late Modernity. Rethinking Critical Discourse Analysis.* Edinburgh: Edinburgh UP. 1999. Limbag.

Degges-White, Suzzette. "Lesbian Friendships: An Exploration of Lesbian Social Support Networks." *Adultspan Journal* 11.1 (2012): 16-26. Limbag.

Fairclough, Norman. *Critical Discourse Analysis. The Critical Study of Language.* New York: Longman, 1995. Limbag.

Frost, David at Ilan Meyer. "Measuring Community Connectedness among Diverse Sexual Minority Populations." *Journal of Sex Research* 49.1 (2012): 36-49. Limbag.

Goodloe, Amy. "Lesbian-Feminism and Queer Theory: Another Battle of the Sexes." Amy Goodloe. Web. 14 Abril 2015.

Goodloe, Amy. "Lesbian Identity and the Politics of Butch-Femme." Amy Goodloe. Web. 14 Abril 2015.

Håkansson, Jessica. “The Use of Personal Pronouns in Political Speeches: A comparative study of the pronominal choices of two American presidents.” Pinal na papel sa kursong English Linguistics. Linnaeus University, 2012. Limbag.

Hall, Joanne. “Tomboys: Meanings, Marginalization, and Misunderstandings.” *Mental Health Nursing* 29.6 (2008): 555-565. Limbag.

Hancock, Jeffrey, Christopher Landrigan, and Courtney Silver. “Expressing Emotion in Text-based Communication.” CHI 2007. 28 Abril – 03 Mayo 2007, San Jose, CA. ACM’s Special Interest Group on Computer-Human Interaction, 2007. Limbag.

Kouloumpis, Efthymios, Theresa Wilson, at Johanna Moore. “Twitter Sentiment Analysis: The Good, the Bad and the OMG!” 5th International AAAI Conference on Weblogs and Social Media. 17-21 Hulyo 2011, Barcelona, Spain. Association for the Advancement of Artificial Intelligence, 2011. Limbag.

Kuo, Sai-Hua. “From Solidarity to Agonism: The Uses of the Second-person Singular Pronoun in Chinese political discourse.” *Text* 22.1 (2002): 29-55. Limbag.

Kushman, Nate at Regina Barzilay. “Using Semantic Unification to Generate Regular Expressions from Natural Language.” NAACL-HLT 2013. 09-14 Hunyo 2013. Atlanta, Georgia. Association for Computational Linguistics, 2013. Limbag.

Marchbank, Jennifer at Gayle Letherby. “*Introduction to Gender: Social Science Perspectives*.” London: Routledge. 2014. Limbag.

Oco, Nathaniel, Leif Romeritch Syliongka, Joel Ilao, at Rachel Edita Roxas. “Dice’s Coefficient on Trigram Profiles as Metric for Language Similarity.” 16th Oriental COCOSDA. 25-27 Nobyembre 2013, Gurgaon, India. Oriental COCOSDA, 2013. Limbag.

Pablo, Zelinna, Nathaniel Oco, Ma. Divina Gracia Roldan, Charibeth Cheng, at Rachel Edita Roxas. “Toward an enriched understanding of factors influencing Filipino behavior during elections through the analysis of Twitter data.” *Philippine Political Science Journa*l 35.2 (2014): 203-224. Limbag.

Said, Edward. *Orientalism*. Nabanggit sa Chouliaraki, Lilie & Fairclough, Norman. *Discourse in Late Modernity*. Edinburgh: Edinburgh UP. 1999. Limbag.

Simons, H. & M. Billig. *After postmodernism. Reconstructing ideology critique*. Nabanggit sa Chouliaraki, Lilie & Fairclough, *Norman. Discourse in Late Modernity. Rethinking Critical Discourse Analysis.* 7. Edinburgh: Edinburgh UP. 1999. Limbag.

Stubbs, Michael. *Discourse Analysis. The Sociolinguistic Analysis of Natural Language*. Chicago: U of Chicago P. 1983. Limbag.

Szulc, Lukasz at Alexander Dhoest. “The Internet and Sexual Identity Formation: Comparing Internet Use Before and After Coming Out.” *Communications - The European Journal of Communication Research* 38.4 (2013): 347-365. Limbag.

Waseleski, Carol. "Gender and the Use of Exclamation Points in Computer-Mediated Communication: An Analysis of Exclamations Posted to Two Electronic Discussion Lists." *Journal of Computer-Mediated Communication* 11.4 (2006): 1012-1024. Limbag.

Van Dijk, Teun. Introduction: The Role of Discourse Analysis in Society. Nasa Van Dijk, Teun (Ed.), *Discourse Studies: A Multidisciplinary Introduction* 2 (1985d): 1-37. London: SAGE. Limbag.

**Alona Jumaquio-Ardales** <alona.ardales@dlsu.edu.ph> is a faculty member of the Filipino Department, College of Liberal Arts, De La Salle University, Philippines. She obtained her Ph.D. in Philippine Studies from the same university. She handles Filipino-GE courses and undergraduate thesis mentoring. She served as a language teacher for the Advanced Filipino Abroad Program (AFAP) of the University of Hawaii (1997, 2005) and became an exchange scholar at SEASSI, UW, Madison, USA (2009). She was a recipient of an Outstanding Teacher Award from De La Salle Canlubang (2009) and was an active faculty volunteer in the school's Social Action Program, Student Leadership Training, and College Student Counselling (2005-2012). She received a recognition from the Komisyon sa Wikang Filipino with her essay titled "Ang Diskurso sa Sariling Wika: Daluyan ng Daang Matuwid" (2013). She had published articles in *MALAY,* an international refereed and abstracted journal in Philippine studies.

**Rowell Madula** <rowell.madula@dlsu.edu.ph>, <rmadula@gmail.com> is an associate professor of De La Salle University - Manila. He obtained his Bachelor's degree in Legal Management from the Ateneo de Manila University. He took up his Master's degree (with high distinction) and Doctoral degree (Outstanding Dissertation) in Philippine Studies at the De La Salle University respectively. He co-authored the books *Ekonomiks sa Filipino* (Economics in Filipino) and *To Write is to Choose: Ang Kasaysayan ng College Editors Guild of the Philippines: 1931-1972*. He is the Vice Chairperson and the program coordinator of the Filipino Department. He teaches courses on pop culture, research, Philippine studies, literature and history in the graduate and undergraduate levels. He is the Managing Editor of the Malay, an international refereed and abstracted journal in Philippine Studies.

**Nathaniel Oco** <nathanoco@yahoo.com> is a member of the Asian Association for Lexicography (AsiaLex), and the current chair of the Computing Society of the Philippines – Special Interest Group on Natural Language Processing where he actively participates in the organization's yearly National Natural Language Processing Research Symposium (NNLPRS). Knowledgeable in both rule-based and statistical approaches, his research interest lies in natural language processing, computational linguistics, and social computing. He is the corresponding author of this article.